



# RAISE THE WAGE LA

## TALAN NG IMPORMASYON TUNGKOL SA PINAKAMABABANG PASAHOD & BAYAD NA PAGLIBAN SA TRABAHO DAHIL SA SAKIT NG LA



### ORDINANSA HINGGIL SA PINAKAMABABANG PASAHOD

Simula sa ika-1 ng Hulyo, 2016, ang Empleadong magtatrabaho nang hindi kukulangin na dalawang oras sa isang partikular na linggo sa loob ng Lungsod ng Los Angeles ay may karapatang kumita ng Pinakamababang Pasahod at ng mga Benepisyo para sa Panahong May Sakit ng Los Angeles.



### BAYAD NA PAGLIBAN SA TRABAHO DAHIL SA SAKIT PAID SICK LEAVE (PSL)

Dalawang paraan para magkaloob ng Bayad na Pagliban sa Trabaho Dahil sa Sakit:

- 1) 48 oras na ipinagkakaloob taun-taon, o
- 2) Isang oras ng PSL para sa bawat 30 oras na itatrabaho

Dapat mailipat sa susunod na taon ang mga naipon at di-nagamit na PSL at maaaring itakda ang hangganan sa pinakamababang halaga na 72 oras.



### PAGPAPALIBAN

Simula sa ika-1 ng Hulyo, 2016, ang mga Employer na may 26 o higit pang mga Empleado ay dapat magkaloob ng pinakamababang pasahod at ng mga benepisyo para sa bayad na pagliban sa trabaho dahil sa sakit ng Los Angeles. Dapat tumupad ang mga Employer na may 25 o mas kaunti pang mga Empleado simula sa ika-1 ng Hulyo, 2017. Ang ilang mga Korporsayon na Di-Pinagkakakitaan na may 26 o higit pang mga Empleado ay maaaring maging kwalipikado para sa ipinagpapaliban na schedule ng Halaga ng Pinakamababang Pasahod na may pahintulot.



### MGA CLAIM

Maaari kayong mag-file ng claim para sa pasahod o para sa bayad na pagliban sa trabaho dahil sa sakit o magsumbong ng paghihiganti sa Office of Wage Standards (Opisina ng mga Pamantayan ng Pasahod) nang personal, sa pamamagitan ng koreo, online, o sa MyLA 311 app.

Mga Employer na may 26 o higit pang mga Empleado

7/1/16	7/1/17	7/1/18	7/1/19	7/1/20	7/1/21
\$10.50	\$12.00	\$13.25	\$14.25	\$15.00	\$15.00

Mga Employer na may 25 o mas kaunti pang mga Empleado

Ipinagpaliban	\$10.50	\$12.00	\$13.25	\$14.25	\$15.00
---------------	---------	---------	---------	---------	---------

O mga Korporsayon na Di-Pinagkakakitaan na may 26 o higit pang mga Empleado na may pahintulot na magbayad ng ipinagpapaliban na halaga

Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang Office of Wage Standards

1-844-WAGESLA (924-3752) WAGESLA@LACITY.ORG WAGESLA.LACITY.ORG

Bilang entidad na sakop ng Titulo II ng Batas Ukol sa Mga Amerikanong May Mga Kapansanan (Title II of the Americans with Disabilities Act), hindi kumikiling ang Lungsod ng Los Angeles batay sa kapansanan at, sa oras na may humiling, ay magkaloob ng makatwirang tulong para matiyak ang pantay na access sa mga programa, mga serbisyo, at mga gawain nito.

